

| | | |
|--|---|--|
| Patakaran: | Patakaran ng Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy) | |
| Entity: | Virginia Beach Ambulatory Surgery Center, LLC | Orihinal na Petsa: |
| Departamento: | Administration | Petsa ng Pagpapatupad ng Pagsusuri/Pagbabago: |
| Kategorya: | Pagsunod | Oktubre 20, 2017 |
| (Mga) Lokasyon: | Tingnan sa ibaba | Ipinatupad noong Oktubre 20, 2017 Ng: |
| | | The Board of Managers of Virginia Beach Ambulatory Surgery Center, LLC |
| | | May-ari: |
| Mga Petsa ng Nagdaang Pagsusuri/Pagbabago: | | |

Layunin:

Itinatag ng Patakaran sa Tulong Pinansyal na ito ("Patakaran") ang patakarang susundin ng Virginia Beach Ambulatory Surgery Center, LLC sa: (1) pagtukoy ng kwalipikasyon para sa Tulong Pinansyal para sa mga pasyenteng nakakatanggap ng Mga Medikal na Kinakailangang Serbisyo; (2) pagkalkula ng mga halagang sinisingil sa isang pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pinansyal; at (3) pangangsiwa sa proseso ng aplikasyon ng pasyente para sa Tulong Pinansyal. Bilang karagdagan, isinasaad ng Patakarang ito ang mga kasanayan ng Virginia Beach Ambulatory Surgery Center, LLC sa pagsingil at mga pagkolekta para sa mga serbisyo ng medikal na pangangalaga sa Pasilidad nito sa Mga Pasyenteng Walang Insurance, kabilang ang mga gagawing hakbang ng Virginia Beach Ambulatory Surgery Center, LLC upang matukoy ang kwalipikasyon ng Pasyenteng Walang Insurance para sa Tulong Pinansyal bago lumahok sa sa mga Extraordinary Collection Action kapag hindi makabayad.

Mga Paglalarawan:

Amounts Generally Billed o AGB – Mga halagang pangkalahatang sinisingil ng Pasilidad para sa Mga Medikal na Kinakailangang Serbisyo sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa nasabing pangangalaga, na tinutukoy alinsunod sa Treas. Reg. Sec. 1.501(r)-5(b).

Panahon ng Aplikasyon – Panahon mula sa pagsisimula ng tuluy-tuloy na pangangalaga ng pasyente hanggang sa 240 araw pagkatapos ng probisyon ng unang post-discharge billing statement ng pasyente.

Mga Saklaw na Serbisyo - Mga Medikal na Kinakailangang Serbisyon ibinibigay ng Pasilidad.

Mga Pang-emergency na Serbisyo – Pangangalaga o paggamot na ibinibigay ng Pasilidad para sa isang "pang-emergency na medikal na kundisyon," gaya ng paglalarawan sa nasabing termino sa EMTALA.

EMTALA – Emergency Medical Treatment and Active Labor Act (42 U.S.C. § 1395dd; 42 C.F.R. § 489.24).

Mga Extraordinary Collection Action o ECA – Gaya ng paglalarawan sa mga extraordinary collection action gaya ng nakasaad sa Treas. Reg. Sec. 1.501(r)-6(b).

Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan - Mga pederal na alituntunin sa kahirapan gaya ng taun-taong inilalathala ng U.S. Department of Health and Human Services. *Tingnan ang <http://aspe.hhs.gov/poverty/index.cfm>* para sa mga kasalukuyang alituntunin

Tulong Pinansyal – Pagbawas sa halaga ng Mga Kabuuang Singilin ng Pasilidad para sa mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pinansyal sa ilalim ng Patakarang ito.

Mga Kabuuang Singilin – Ang kumpletong naitatag na presyo ng Pasilidad para sa mga serbisyo ng medikal na pangangalagang tuluy-tuloy at maayos na sinisingil na Pasilidad sa mga pasyente bago ilapat ang anumang allowances, diskwento, o bawas sa kontrata.

Pasilidad – Isang outpatient surgical facility na nangangailangan ng lisensya ng ospital sa ilalim ng Title 32.1, Chapter 5 of the Code of Virginia.

Kita ng Pamilya – Ang taunang kabuuang kita para sa pasyente at lahat ng miyembro ng kanyang pamilya na kine-claim sa iisang pederal na kita ng buwis.

Mga Pasyenteng May Insurance – Mga indibidwal na may anumang insurance mula sa pamahalaan, pangkomersyo, pinamamahalaang pangangalaga, o pribadong insurance pangkalusugan.

Mga Medikal na Kinakailangang Serbisyo– Mga makatwiran at kinakailangang serbisyong iniaatas para sa diagnosis o paggamot ng karamdaman o pinsala na isinasagawa sa alinsunod sa mga kinikilalang pamantayan ng pangangalaga sa panahon ng serbisyo at hindi para sa ikagiginhawa ng pasyente o doktor ng pasyente o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Mga Paghahabol sa Pananagutan ng Third-Party – Anumang paghahabol na maaaring isampa ng pasyente laban sa isa pang indibidwal, insurer, o entity na may pananagutan sa pagsaklaw ng gastusin ng pasyente para sa mga medikal na serbisyo.

Mga Pasyenteng Walang Insurance – Mga indibidwal na walang insurance mula sa pamahalaan, pangkomersyo, pinamamahalaang pangangalaga, o pribadong insurance pangkalusugan o pasyente naubusan ng mga benepisyo ng insurance.

Mga Saklaw na Serbisyo:

Hindi nagbibigay ang Pasilidad ng mga sarili nitong doktor. Nagsisingil ang bawat doktor nang hiwalay para sa kanyang mga serbisyo at sinusunod niya ang sarili niyang mga pamamaraan sa pagsingil at mga pagkolekta. **Walang provider, maliban sa mismong Pasilidad, ang naghahatid ng Mga Medikal na Kinakailangang Serbisyo sa Pasilidad na saklaw sa ilalim ng Patakarang ito. Nalalapat ang pahayag na ito sa lahat ng serbisyo ng operasyon na ibinibigay sa Pasilidad.**

ANG MGA SAKLAW NA SERBISYO LANG NA IBINIBIGAY MISMO NG PASILIDAD SA PASLIDAD ANG ITINUTURING NA KWALIPIKADONG PANGANGALAGA SA PASYENTE SA ILALIM NG PATAKARANG ITO. Walang awtoridad ang Pasilidad na mag-alok ng Tulong Pinansyal sa mga singiling mula sa mga doktor o iba pang propesyunal ng pangangalagang pangkalusugan na hindi nagtatrabaho sa Pasilidad.

Nilisensyahan ang Pasilidad bilang isang outpatient surgical hospital sa ilalim ng Title 32.1 Chapter 5 ng Code of Virginia at hindi ito nagbibigay ng Mga Pang-emergency na Serbisyo.

Hindi Pasok sa Kwalipikasyon ng Tulong Pinansyal:

Hindi ibinibigay ang Tulong Pinansyal sa Mga Pasyenteng Walang Insurance.

Hindi ibinibigay ang Tulong Pinansyal sa mga pasyenteng hindi makatwirang nakasunod sa mga naaangkop na iniaatas para sa magbabayad, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkuha ng mga awtorisasyon, rekomendasyon, o iba pang kinakailangan para sa pagpapatupad ng paghahabol.

Hindi ibinibigay ang Tulong Pinansyal kapag nakukuha ng pasyente ang nauugnay na Paghahabol sa Pananagutan ng Third Party. Natutukoy ang mga pagbubukod ayon sa sitwasyon, batay sa mga partikular na pangyayari at kaganapan.

Matatanghian ang Tulong Pinansyal kung ang pasyente o may pananagutang panig/guarantor ng pasyente ay nagbigay ng maling impormasyon tungkol sa kanyang kita, laki ng pamilya, mga asset, mga liability, mga gastusin, o iba pang napagkukunan na maaaring magpahiwatig ng kakayahang magbayad para sa Mga Saklaw na Serbisyo.

Mga Pamantayan ng Kwalipikasyon at Pagtukoy sa Halaga ng Tulong Pinansyal:

Kwalipikado ang mga Pasyenteng Walang Insurance na mag-apply para sa Tulong Pinansyal para sa Mga Saklaw na Serbisyo sa ilalim ng Patakarang ito anumang oras sa loob ng Panahon ng Aplikasyon. Sinusuri ang

Kita ng Pamilya ng bawat pasyente alinsunod sa mga nauugnay na pangyayari at sitwasyon, gaya ng naiulat na kita, mga asset, mga liability, mga gastusin, at iba pang mapagkukunan ng pasyente o ng may pananagutang panig ng pasyente, kapag tinutukoy ang antas ng Tulong Pinansyal kung saan kwalipikado ang aplikante sa ilalim ng Patakarang ito.

Sa pagsasaalang-alang ng lahat ng salik na ito, ginagamit ang mga sumusunod na pamantayan sa Kita ng Pamilya upang matukoy kung magkano, kung mayroon man, sa natitirang balanse sa account ng pasyente na nauugnay sa Mga Saklaw na Serbisyo ang isasaad bilang Tulong Pinansyal:

- Ang mga Pasyenteng Walang Insurance na may Kita ng Pamilya na 200% o mas mababa pa sa Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan noon at ngayon ay kwalipikado sa buong 100% sagot na Mga Kabuang Singilin ng Pasilidad na nauugnay sa Mga Saklaw na Serbisyo sa ilalim ng Patakarang ito.
- Ang mga Pasyenteng Walang Insurance na may Kita ng Pamilya na **mas mataas sa 200%** ng Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan ay hindi kwalipikado sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng Patakarang ito. Gayunpaman, dapat silang makipag-ugnayan sa Pasilidad gaya ng nakasaad sa Patakarang ito upang matukoy kung maaari silang maging kwalipikado sa mga diskwentong inaalok sa labas ng Patakarang ito.

Maaaring hilingin sa mga aplikante para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng Patakarang ito na magsumite ng alinman sa mga sumusunod na dokumento upang mapatunayan ang Kita ng Pamilya sa loob ng Panahon ng Aplikasyon: tatlong pinakabagong pay stub sa panahon ng aplikasyon; pinakabagong taunang Pederal na kita ng buwis o W-2 sa panahon ng aplikasyon; patunay ng trabaho; mga dokumento ng tulong mula sa pamahalaan; social security, sweldo ng mga manggagawa, o mga unemployment compensation determination letter; mga bank statement; o iba pang katulad na dokumentong nagbibigay ng patunay ng Kita ng Pamilya. Maaari ding gamitin ng Pasilidad ang datos ng kita, asset, liability, gastusin, at iba pang mapagkukunan mula sa mga third-party na credit inquiry at pampublikong mapagkukunan ng datos bilang patunay sa pagtukoy at pagpapatotoo ng Kita ng Pamilya ng aplikante para sa kwalipikasyon sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng Patakarang ito.

Hindi itutuloy ang mga dating pagtukoy ng kwalipikasyon ng pasyente para sa Tulong Pinansyal upang makapag-apply sa mga bagong yugto ng pangangalaga para sa pasyenteng iyon. Dapat magsagawa ng bagong aplikasyon para sa Tulong Pinansyal.

Alinsunod sa Patakarang ito, kapag napag-alamang kwalipikado ang isang pasyente para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng Patakarang ito, hindi siya sisingilin para sa anumang AGB para sa Mga Saklaw na Serbisyo sa ilalim ng Patakarang ito, kung kaya, hindi naaangkop ang mga pagkalkula ng AGB.

Mga Paraan para sa Pag-apply para sa o Pagkuha ng Tulong Pinansyal:

Makukuha ang Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal sa patient registration area ng Pasilidad at maaari rdn itong libreng i-download mula sa internet sa www.vbasc.com. Maaari ding ipadala nang libre ang Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal sa mga pasyente kapag hiniling sa pamamagitan ng pagtawag sa 757-496-6400, o pagpapadala ng liham ng kahilingan sa sumusunod na address:

Virginia Beach Ambulatory Surgery Center, LLC
ATTN: Billing Office
1700 Will O Wisp Drive
Virginia Beach, Virginia 23456
Telepono: 757-496-6400

Dapat ipadala ang mga Nasagutang Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal, kasama ang patunay ng Kita ng Pamilya, sa address na nakasaad sa Patakarang ito. Kung hindi man, maaaring magbalik ng nasagutang aplikasyon ang pasyente, kasama ang patunay ng Kita ng Pamilya, sa patient registration area ng Pasilidad.

Maaaring tumawag o bumisita ang mga pasyenteng nangangailangan ng karagdagang impormasyon tungkol sa Patakarang ito, o nangangailangan ng tulong sa proseso ng Tulong Pinansyal, sa lokasyong nakasaad sa itaas, Lunes hanggang Biyernes, sa loob ng mga karaniwang oras ng negosyo, upang makipag-usap sa Billing Office.

Haba ng Kwalipikasyon:

Ang mga pagtukoy sa kwalipikasyon sa ilalim ng Patakarang ito ay ipinapatupad para sa Mga Saklaw na Serbisyo na ibinigay hanggang 240 araw bago ang aplikasyon para sa petsa ng pinal na pag-apruba sa Tulong Pinansyal, at hindi ito nalalapat sa mga petsa ng serbisyo pagkatapos ng petsa ng pinal na pag-apruba sa Tulong Pinansyal na ito.

Mga Isasagawang Pagkilos Kapag Hindi Nakabayad (Mga Pagkolekta):

Nagsasagawa ng makakatwirang hakbang upang matukoy ang kwalipikasyon ng pasyente para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng Patakarang ito ayon sa Mga Saklaw na Serbisyo bago magsagawa ng mga hakbang sa pagkolekta para sa naturang pasyente. Kabilang sa mga nasabing hakbang ang pag-abiso sa pasyente tungkol sa Patakarang ito, pagtulong sa pasyenteng tapusin ang hindi kumpletong Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal, at pagpapaalam sa pasyente ng Tulong Pinansyal tungkol sa pagtukoy ng kanyang kwalipikasyon kapag natanggap na ang nasagutang aplikasyon.

Kung, pagkatapos isagawa ang makakatwirang hakbang, malalamang hindi kwalipikado ang isang pasyente para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng Patakarang ito o hindi siya tumutugon sa mga hakbang ng Pasilidad upang makuha ang impormasyong kinakailangan upang matukoy ang kwalipikasyon para sa Tulong Pinansyal, maaaring magkaroon ng hindi magandang halaga ng utang sa account ng pasyente at ililipat ang delingkwenteng account sa isang third-party na ahensya sa mga pagkolekta. Maaaring magsagawa ng mga ECA ang Pasilidad kapag nailipat na ang account sa ahensya sa mga pagkolekta. Maaaring kabilang sa mga ECA ang pag-uulat ng delingkwenteng account sa isa o higit pang ahensya sa pag-uulat ng consumer (mga credit bureau) gayundin ang pagbawi o pagtanggap sa Mga Saklaw na Serbisyo, o ang pag-atas ng kabayaran bago ibigay ang Mga Saklaw na Serbisyo, dahil sa hindi pagbabayad sa nakaraang ibinigay na Mga Saklaw na Serbisyo. Dagdag pa rito, maaaring magsampa ng mga kaso ang Pasilidad, maghusga, magtala ng mga paghuhusga o deed of trust, magremata sa realty, at magbawas sa sahod at iba pang asset.

Bago ikategorya ang mga account ng pasyente bilang nagkautang, magpapadala ang Pasilidad ng liham ng abiso sa mga pasyenteng paunang sinisingil ng utang ng Pasilidad gayundin ng buod na nakasaad sa pangkaraniwang wika ng Patakarang ito, at maaari rin nitong subukang tawagan ang mga pasyente.

Kung sakaling hindi makabayad o hindi tumugon sa anumang nakapagkasunduang areglo sa pagbabayad, ituturing ng Pasilidad na may utang ang account at maaaring magsagawa ng mga ECA pagkalipas ng 120 araw mula sa probisyon ng unang post-discharge billing statement ng pasyente. Mula rito, susuriin ang anumang hindi nabayarang account na natitira sa pasyente para sa legal na konsiderasyon o posibleng paglipat sa mga ahensya sa mga pagkolekta sa labas.

Kwalipikado ang mga balanse ng pasyente sa pagsusuri ng Tulong Pinansyal sa loob ng Panahon ng Aplikasyon. Kapag nakatanggap ng anumang Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal sa loob ng Panahon ng Aplikasyon, masususpindi ang anumang ECA hanggang sa mabuo ang pinal na pagtukoy sa kwalipikasyon ng Pasilidad. Bibigyan ng sapat na oras ang isang aplikante para sa Tulong Pinansyal na nagbigay ng hindi kumpletong impormasyon sa loob ng Panahon ng Aplikasyon, ayon sa napagpasyahan ng Pasilidad at batay sa mga partikular na pangyayari at sitwasyon, upang makatugon sa liham na abiso ng Pasilidad na nagsasaad ng karagdagang impormasyon at/o dokumentasyong kailangang sagutan sa aplikasyon. Kung hindi tutugon ang aplikante sa kahilingan para sa karagdagang impormasyon mula sa Pasilidad sa loob ng makatwirang panahon, ayon sa napagpasyahan ng Pasilidad at batay sa mga partikular na pangyayari at sitwasyon, maaari nang ituloy ang mga ECA.

Sa loob ng hindi bababa sa 30 araw bago simulan ng Pasilidad ang anumang ECA, aabisuhan ang pasyente, sa pamamagitan ng liham, tungkol sa anumang ECA na pinaplanong isagawa ng Pasilidad upang makuha ang bayad, gayundin ang pagbibigay ng Tulong Pinansyal para sa mga kwalipikadong indibidwal. Kasama sa abisong ito, bibigyan ang pasyente ng buod na nakasaad sa pangkaraniwang wika ng Patakarang ito. Magsasagawa rin ang Pasilidad ng makatwirang hakbang upang makausap ang mga pasyente nito tungkol sa Patakarang ito at kung paano nila maaaring makuha ang tulong sa proseso ng aplikasyon sa tulong pinansyal mula sa panahon ng pagpapadala ng abiso tungkol sa pagsasagawa ng ECA at pagpapatuloy o pagsisimula ng mga ECA. Maaaring isagawa ang (mga) ECA nang hindi bababa sa 120 araw mula sa probisyon ng unang post-discharge billing statement ng pasyente, gaya ng nakasaad sa Treas. Reg. Sec. 1.501(r)-6(c)(3)(i).

Responsibilidad ng Administrator ng Pasilidad ang pagpapasya kung nagsagawa ang Pasilidad ng makakatwirang hakbang upang matukoy ang kwalipikasyon ng pasyente para sa Tulong Pinansyal sa ilalim ng Patakarang ito bago magsagawa ng anumang ECA.

Hindi nalalapat ang mga ipinapatupad na probisyon ng Seksyong ito (o kaya, kung naaangkop, ihihinto ang paglalapat) sa sinumang pasyenteng napag-alamang hindi kwalipikado para sa Tulong Pinansyal, kabilang ang sinumang pasyenteng napag-alamang Pasyenteng May Insurance.

Mga Pagbubukod sa Patakarang ito

Ibinigay sa Administrator ng Pasilidad ang awtoridad nag magbigay ng kwalipikasyon at mga pagbubukod sa pagtukoy a Patakarang ito batay sa sitwasyon gaya ng naaangkop sa mga pangyayari at kaganapan sa mga indibidwal na pasyente. Hindi tatanggihan ang isang pasyente para sa Tulong Pinansyal kung matutugunan niya ang mga nakasaad na kinakailangan sa kwalipikasyon at pagtukoy para sa Mga Saklaw na Serbisyo na nakasaad sa Patakarang ito.

Oktubre 20, 2017